Republika ng Pilipinas
**PAMAHALAANG BAYAN NG TERESA**
Lalawigan ng Rizal
Municipal Hall, Corazon C. Aquino Ave., Barangay Poblacion, Teresa, Rizal-1880
sbteresa_rizal@yahoo.com
Landline No. (02) 82506800 Local 530

**28TH SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-13 NA KARANIWANG PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG TERESA, RIZAL NA IDINAOS SA ARAW NG LUNES, IKA-19 NG SETYEMBRE 2022**

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Freddie L. Bonifacio | ............. | Pangalawang Punong-bayan/Tagapangulo |
| Kgg. Fernand N. Dela Cruz | ............. | Konsehal |
| Kgg. Fernando P. Lopez | ............. | Konsehal |
| Kgg. Hoaward C. Francisco | ............. | Konsehal |
| Kgg. Suzette Anne F. Selibio | ............. | Konsehal |
| Kgg. Joker A. Santos | ............. | Konsehal |
| Kgg. Nemen M. San Jose | ............. | Konsehal |
| Kgg. Victorius Joshua T. San Jose | ............. | Konsehal |
| Kgg. Leo D. Fullente | ............. | Konsehal |
| Kgg. Jose M. Manlangit | ............. | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Jerrie Vonn F. Bertiz | ............. | Pangulo, Sangguniang Kabataan |

PANUKALANG KAUTUSAN BLG. 13, S. 2022
May-akda: Kgg. Leo D. Fullente
Isponsor: Committee on Ordinances and Resolutions together with Committee on Peace and Order and Public Safety, Disaster and Risk Reduction Management

**PAMBAYANG KAUTUSAN BLG. 12, S. 2022**

**ISANG KAUTUSANG NAG-AAMYENDA NG PAMBAYANG KAUTUSAN BLG. 5, S. 2008 O MAS KILALA SA TAWAG NA *"ISANG KAUTUSANG NAGBABAWAL SA LAHAT NG KABATAANG MAY DALAWAMPU'T ISANG (21) TAONG GULANG PABABA NA GUMAGALA SA LOOB NG BAYAN NG TERESA, RIZAL MULA IKA-11 NG GABI HANGGANG IKA-4 NG MADALING ARAW NG SUSUNOD NA ARAW NG WALANG MAHIGPIT NA KADAHILANAN AT PAGPAPATAW NG KAUKULANG KAPARUSAHAN KAUGNAY NITO"***

SAPAGKAT, dulot ng layuning maitatag ang payapa, ligtas, at tahimik na komunidad at pamayanan, malugod na iminumungkahi **ang panibagong pagsusulong sa pagkakaroon ng *"curfew hours"* sa takdang lugar at oras magmula alas diyes (10:00 pm) ng gabi hanggang alas kuwatro (4:00 a.m.) ng madaling araw.** Ang panukalang ito ay magsisilbing gabay ng mamamayan upang labis na maibsan/malimitahan o dili kaya lubusang masugpo ang paglaganap ng karahasan at kriminalidad sa bayan ng Teresa. Layunin din ng panukalang ito na mabigyan nang

tamang gabay ang mga kabataan at menor de edad upang sila ay akayin sa landas tungo sa pagiging makabuluhan, responsable at produktibong mamamayan;

SAPAGKAT, sa kadahilanan ng paglala at patuloy na pag-usbong ng krimen at nakakabahalang banta sa mapayapa at tahimik na pamayanan, marapat lang nabuhayin at muling ipatupad ang implementasyon ng "curfew" upang mailigtas ang mamamayan ng Teresa mula sa di kanais-nais na dulot ng karahasan, disgrasya, pagkagumon sa mga ipinababawal ng gamot, o maling pakikianib sa mga grupong maglulunsad ng mga kilos laban sa pamahalaan;

SAPAGKAT, upang makamit ang layuning mapanatili ang kaayusan, katahimikan, at pag-unlad ng bayan ng Teresa, hinihimok ang mga mamamayan na makiisa at tumalima sa mga itinatadhanang mga alituntunin upang makaiwas sa anumang masamang mangyayari o epekto na maaring idulot ng pagsuway o kaya pagbalewala sa mga ito;

SAPAGKAT, ang mga probisyon ng Republic Act 9344 o "Juvenile Justice and Welfare Act" ay nararapat na masunod kapag ipinapatupad ang alituntuin sa ordinansa patungkol sa *"Curfew Hours"* para sa mga sangkot na menor de edad o mga taong may edad labing walo (18) pababa;

SAPAGKAT, nagkaroon ng konsultasyon sa publiko o *public hearing* na ginanap noong ika-8 ng Setyembre 2022 na dinaluhan ng mga miyembro ng Sangguniang Bayan, kinatawan mula sa Teresa Municipal Police Station, Liga ng mga Barangay, Lupon ng mga Barangay, Homeowners Associations;

SAPAGKAT, hinihikayat ang lahat ng mga magulang at mga mamamayan ng Teresa na gampanan ng buong katapatan ang pagiging makabuluhang mamamayan at ipagbigay alam o imungkahi ang nararapat na gawin ng Pambayang Pamahalaan ng Teresa upang higit na makamtan ang mga nasabing mga layunin;

IPINASIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang Kautusang nag-aamyenda ng Pambayang Kautusan Blg. 5 s. 2008 o mas kilala sa tawag na*"Isang kautusang nagbabawal sa lahat ng kabataang may dalawampu't isang (21) taong gulang pababa na gumagala sa loob ng bayan ng Teresa, Rizal mula ika-11:00 ng gabi hanggang 4:00 ng madaling araw ng susunod na araw ng walang mahigpit na kadahilanan at pagpapataw ng kaukulang kaparusahan kaugnay nito"*.

**SEKSYON 1.** Lahat ng mga mamamayan ng Teresa na may edad labing-walo(18) pababa base sa kanyang ID o anumang dokumentong magpapatunay nito, ay binabawalang nasa labas ng kanilang mga tahanan mula alas diyes ng gabi(10:00 PM) hanggang alas kwatro (4:00 A.M.) ng umaga maliban lang kung ang mga ito ay:

1.1 Nasa labas ng bahay na kasama ang mga magulang o *guardian*;

1.2 Nasa labas ng bahay upang magpagamot, bumili ng gamot o humingi ng saklolo dahil sa karahasan o pag-abuso sa kanyang pagkatao (*physical,mental, verbal osexual abuses*) mula kaninuman;

1.3 Walang magulang, guardian o kaya tirahan kaya marapat lang nadalhin ng mga Barangay tanod o pulisya sa pangangalaga at hurisdiksiyon ng Barangay o Social Welfare and Development Officer (DSWDO) sa loob ng di lalagpas sa walong (8) oras mula pagkahuli nito.

**SEKSYON 2.** Kapag hindi sakop ng mga dahilan na nakalahad sa Talata 1.1, 1.2 at 1.3, ang nahuling menor de edad ay dalhin sa pangangalaga o hurisdiksiyon ng Barangay o himpilan ng Pulisya sa loob ng hindi lalagpas ng walong (8) oras na siyang magsasagawa ng pakikipag-ugnayan sa magulang, tagapag-alaga (*guardian*), kamag-anak, o kapatid upang sunduin and naturang tao.

**SEKSYON 3.**Kapag ang isang taong lumabag sa curfew ay hindi residente o mamamayan ng isang Barangay na may edad labingwalo (18) pababa base sa kanyang ID o anumang dalang dokumento na magpapatunay nito, dapat na makipag-ugnayan ang awtoridad sa Barangay ng naturang tao. Kung sakaling ito ay estranghero sa lugar, itanong ang kanyang pinuntahan para patunayan ang alegasyon ng naturang tao maliban lang kung ito ay:

3.1 Magpapagamot sa hospital o klinika dahil sa isang kapansanan o anumang medikal na pangangailangan;

3.2 Kung kasama ang mga magulang, guardian, o sinuman na gustong tumulong sa naturang tao. Kung kailangan, bigyan ng tulong upang madala sa pagamutan o klinika sa pakikipag-ugnayan sa mga awtoridad na may kinalaman sa agarang paglalapat ng kaukulang lunas ng sakit o karamdaman;

**SEKSYON 4.** Sa pagkakataong may nahuling menor de edad sa mga checkpoints lalo nasa oras ng curfew, ang mga Barangay Tanod o tauhan ngPNP ay;

4.1 Maaaring inspeksyunin o makita ang kanyang/kanilang mga dalahin, kung saan ito ay isa-isang ipapakita ng nahuli o ng mga nahuli. Kung ang isang menor de edad ay mahulihan ng kontrabando, ipinagbabawal na gamot, illegal na patalim o armas, at mga bagay na hindi pinapahintulutan ng ating batas sa oras man ng curfew o hindi, ang mga Tanod o Pulis ay kailangan i-endorso ang mga ito sa Womens and Children Protection Desk (WCPD) para sa kaukulang proseso;

4.2 Maari ring kapkapan o inspeksyunin ang katawan ng menor de edad, ng mga Tanod o Pulis na kapareho ang kasarian, lalo na kung ang ikinikilos nito ay kahina-hinala. Ang prosesong ito ay pinapayagan ng ating batas at hukuman.

**SEKSYON 5. MULTA AT KAPARUSAHAN.** Ang mga menor de edad na lumabag sa "Curfew Hours" ay papatawan ng kaukulang multa o kaparusahan o silang pareho alinsunod sa mga sumusunod:

| URI NG PAGLABAG | MULTA/KAPARUSAHAN |
|---|---|
| 1. CURFEW | 1st Offense - Php500.00 o 1-dayCommunity Service |
| | 2nd Offense - Php1,000.00 at 3-day Community Service |
| | 3rd Offense - Php2,000.00 at Referral to a Family Court or MSWDO |

Sa pagkakataon na ang menor de edad na lumabag sa *"curfew hours"* ay mahulihan ng ipinagbabawal na gamot, kontrabando, ilegal na armas

at iba pang mga bagay na ipinagbabawal, sila ay i-endorso sa Women and Children's Desk para sa karampatang legal na aksyon.

**SEKSYON 6. PANGKALAHATANG CURFEW SA LALAWIGAN O BUONG BANSA.** Kapag may kautusan ang Pambansang gobyerno na magpatupad ng pangkalahatang curfew, ito ang dapat masunod at ipatupad ng mga lokal na pamahalaan sa pamamagitan ng mga Barangay Tanod, Pulisya, mga tauhan ng Sandatahang Lakas, at lahat ng tao o grupo na nabigyan ng kapangyarihang magpatupad nito. Ang curfew ay maaring ideklara sa buong bansa, sa tukoy na rehiyon, lalawigan, siyudad, o bayan. Para makamtan ang layunin na mabigyan ng sapat na solusyon sa mga nabanggit, ang Barangay, Pulisya, o Sandatahang Lakas ang marapat na maglatag ng mga himpilang siyasatan (*checkpoints*) upang lubos na makontrol ang di makatwirang pagkilos ng sinuman sa isang tukoy na mga lugar.

Dahil dito, lahat ng tao, bata o matanda, ay dapat tumalima sa kautusan upang masiguro ang kaligtasan ng lahat nadulot ng mga sumusunod:

6.1 Pagkakaroon ng pandemya sa anumang uri ng sakit at sa layuning maiwasan o mapuksa ang paglaganap nito;

6.2 May napipintong banta sa kapayapaan tulad ng insurhensiya at katulad nito;

6.3Lubha at nakakabahala ang pagtaas ng mga kaso sa droga at anumang uri ngkrimen. Dahil dito ang isang barangay, bayan, lalawigan o siyudad ay maaring makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal (Department of the Interior and Local Government) upang makapagdeklara ng curfew sa isang tukoy na lugar;

6.4 Kapag ang paglabag ay nagawa ng isang menor de edad o di lagpas sa labing walong (18) taong gulang, ang multa at kaparusahan ay ayon sa Seksyon 5 ng ordinansang ito;

6.5 Kapag ang lumabag sa Pangkalahatang Ordinansa alinsunod sa Seksyon 5, ang taong nahuli ay darakpin at pigilin sa himpilan ng Barangay, himpilan ng pulisya, na may sakop o hurisdiksyon sa lugar ng paglabag at dalhin sa Piskalya oTaga- usig sa loob ng walong (8) oras upang masampahan ng kaukulang kaso. Pagkahuli sa taong lumabag, ipaalam agad sa kanya ang kanyang kasalanan at ipaalam sa kanya ang kanyang mga karapatan alinsunod sa Miranda Rights. Ang paglilitis at parusa sa taong lumabag ay depende nasa anumang disposisyon ng Piskalya o Hukuman.

**SEKSYON 7. SUGNAY SA PAGBUBUKLOD**. Mga menor de edad o mga mag-aaral na dumalo sa mga mandatoryong aktibidad sa pang-eskolastiko tulad ng Juniors/Seniors' Ball at katulad na mga pagtitipon sa pangangasiwaan ng eskwelahan/paaralan, mga organisasyong panrelihiyion, at iba pang uri ng pagtitipon ay malaya at hindi sakop sa mga parusa na itinatadhana dahil sa paglabag sa mga alituntunin sa ordinansa ng Curfew. Upang ito ay magkabisa dapat gawin ang mga sumusunod na mga kundisyon:

7.1 Ang mga pasimuno/pinuno sa mga pagtitipon ay dapat magsumite ng aplikasyon upang mabigyan ng permiso mula sa Munisipiyo o Barangay sa loob ng tatlong (3) araw bago ang pagdaraos ng

isang particular na aktibidad at ito ay dapat na aprubado o pinahihintulutan ng kinauukulan;

7.2 Na ang aprubadong permiso ay isinasaad ang takdang petsa, oras at lawig ng panahong itatagal ng nasabing aktibidad o pagtitipon;

7.3 Na ang aprubadong kopya ng permiso ay dapat ibigay o isumite sa Municipal Police Station (MPS) at iba pang awtoridadna may hurisdiksiyon sa lugar sa pagdarausan ng aktibidad o pagtitipon.

**SEKSYON 8. PAGBIBIGAY NG TICKET SA PAGLABAG.** Sa mga taong hindi sakop ng mga exemptions sa panuntunan ng Curfew, sila ay maaring arestuhin, mabigyan ng tiket sa paglabag, at papatawan ng multa. Pagkatapos ng pagkahuli sa mga ito ng Barangay Tanod, sila ay dadalhin sa kustodiya ng pinakamalapit na himpilan ng pulisya upang isakatuparan ang mga kaukulang legal na mga proseso alinsunod sa batas.

**SEKSYON 9. PAGPAPAWALANG BISA.** Anumang batas, ordinansa, regulasyon, o anumang alituntunin na labag o hindi naaayon o angkop sa Ordinansa o anumang bahagi nito ay pinawawalang bisa,sinusugan o binago ng ordinansang ito.

**SEKSYON 10. SUGNAY NG PAGHIHIWALAY.** Kung,sa anumang kadahilanan, ang probisyon o bahagi ng Ordinansang ito ay ideklarang labag sa Konstitusyon o kaya di alinsunod sa batas, ang mga ibang probisyon o bahagi nito na hindi apektado sana banggit, ay mananatiling, ipapatupad at epektibo.

**SECTION 11: PETSA NG PAGIGING EPEKTIBO.** Ang Ordinansang ito ay maging epektibo at lubos na magkakabisa pagkatapos na aprubahan ng pambayang konseho at punong bayan pagkalipas ng tatlong araw na mailathala sa mga pampublikong lugar.

Ito ay pagpapatunay ng pagiging tama ng nabanggit na Pambayang Kautusan na isinabatas ng Sangguniang Bayan sa Ika-13 karaniwang pagpupulong na ginanap noong **ika-19 ng Setyembre 2022**.

*********** *****

**TESALONICA SM. ESPIRITU SANTO**
Pambayang Kalihim

**PINATOTOHANAN:**

**FREDDIE L. BONIFACIO**
Pangalawang Punong-bayan/ Tagapangulo

**PINAGTIBAY:** 26 SEP **2022**

**RODEL N. DELA CRUZ**
Punong-bayan